タガログ語版／Tagalog

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Oktubre, 2017**

●Populasyon sa Prepektura

**2,012,755** **(Nabawasan ng 751 katao)**

Lalaki: 975,200 (Nabawasan ng 242 katao)

Babae: 1,037,555 (Nabawasan ng 509 katao)

※Hulyo 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa (　) ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

**Facebook「清流の国ぎふ」**

**Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!**

岐阜県 ミナモだより　hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**

**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**

**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**

**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**


Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **“d” button** para makuha ang lokal na impormasyon!

## Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

### Gaganapin ang “Gifu Nakasendo Experience 2017”

Gaganapin sa Nakasendo at mga kalapit- lugar sa loob ng prepektura ang “Gifu Nakasendo Experience 2017”. Sa dalawang buwan ng proyekto, mayroong higit- kumulang 100 kaakit- akit na mga aktibidad na inihanda. Nahahati ang mga ito sa tatlong programa. Para sa “*Taiken* Program”, susubukin ang gourmet street-foods, ang kultura at paggawa ng mga bagay. Para sa “*Sansaku* Program”, maglalakad at magtutuklas ng madaming bagong mga bagay at lugar kasama ng masayahin at propesyonal na tour guide. Para sa “*Walking* Program”, maglalakad sa mga ruta ng makasaysayang Nakasendo highway. Inaanyayahan ang lahat sa proyektong ito.



Makasaysayang Daan:
*Utouzaka* na batong daan
(sa Nakasendo- Mitakecho)

◆ **Petsa:** Oktubre 1 (Linggo) ~ Nobyembre 30 (Huwebes)

◆**Lugar:** Sa Nakasendo o mga kalapit- lugar sa loob ng prepektura

◆ **Bayad/ Paraan ng Aplikasyon/ Deadline ng Aplikasyon:** Magkakaiba para sa bawat ‘Program’.
*Para sa mga detalye, sumangguni sa website.

◆**Para sa mga Katanungan:**
Nakasendo Gifu 17 Shuku Aruki Tabi Secretariat
☎ 058-471-6134 (tumutugon sa wikang hapon lamang)

◆**Hanaping salita:** 中山道ぎふ１７宿歩き旅

### Alam mo ba ang “Help Mark”?

● **Ano ang ‘Help Mark’?**

Isang marka na sinasabit sa bag o gamit ng mga taong may hindi kapansin- pansing medikal na kondisyon (hal. may pacemaker, o sikolohikal na sakit, atbp.) upang ipaalam sa iba na nangangailangan sila ng tulong o konsiderasyon.



‘Help Mark’

● **Ano ang gagawin kapag may nakitang gumagamit ng ‘Help Mark’?**

Magbigay ng konsiderasyon sa mga taong may Help Mark. Halimbawa, bigyan ng upuan, pansinin at tanungin kung kailangan nila ng tulong, atbp. Hinihiling din na tulungan silang lumikas ng ligtas sa oras ng sakuna.

◆**Lugar kung saan Pinapamahagi ang Help Mark:**
Sa bawat Disability Welfare Division- in- charge ng munisipyo, regional o prefectural office.

◆**Para sa mga Katanungan:**
Gifu Prefectural Disability Welfare Division
☎058-272-8309 (wikang hapon lamang)
FAX 058-278-2643

# Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon** **Magaganap ang "Pambansang Fire Prevention Movement ng Tag- sibol"**

Pinatupad ang "Pambansang Fire Prevention Movement ng Tag- sibol" upang palawakin ang kamalayan tungkol sa pagiwas at paghanda sa sunog. Ginawa ito sa tag- sibol dahil ito ang panahon na tuyo ang hangin at madaling magkaroon ng sunog. Maliban sa paglagay ng fire alarm sa bahay, mainam din na magingat sa paggamit ng apoy.

**=Pambansang Slogan para sa Fire Prevention nitong FY2017=**
**"Magingat sa Apoy. Gawing Aksyon at Gawing Kaugalian ang Inyong mga Salita."**

●**Petsa:** Nobyembre 9 (Huwebes)~ Nobyembre 15 (Miyerkules)
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefectural Fire Services Division o Fire Department sa inyong munisipyo

**Impormasyon** **Pagbukas ng "Pangatlong 'tomoni' Project Eksibit"**

Sa pamamagitan ng "'tomoni' Tsunagaru *Wamen* Project" (proyekto ng paggamit sa Japanese organic cotton upang kumonekta sa iba), ipapakita sa isang eksibit ang mga nagawang tela mula sa na- aning cotton. Magpapakita rin ng mga panel na nagpapakilala sa mga kaugnay na proyektong ginawa ng mga handicapped insitution, mga designing business, mga lokal na mamamayan, atbp.
●**Petsa:** Setyembre 23 (Sabado/ Nat. Holiday)~ Nobyembre 5 (Linggo)
●**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza 1F, Culture and Arts Prefectural Gallery (Gifu-shi)
●**Bayad:** Libre
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture, Plaza Business Division
☎058-233-8164 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** ぎふ清流文化プラザ　文化振興事業

**Impormasyon** **Pagbukas ng "Pang- 22nd Regular Music Concert ng Gifu Prefecture Police Wind Band"**

Gaganapin ang regular na konserto ng Gifu Prefecture Police wind band, isang musical performance kung saan tiyak na magugustuhan ng mga bata at matatanda ang mga napiling musikang itatanghal. Hinihikayat ang lahat na mag- apply.

●**Petsa:** Disyembre 2 (Sabado), magsisimula ng 14:00
●**Lugar:** Nagaragawa Convention Center (Gifu-shi)
●**Kapasidad:** 1,500 katao (magbubunutan kapag humigit sa kapasidad)
●**Bayad:** Libre (ngunit kailangan ng designated seat ticket)
●**Paraan ng Aplikasyon:** Isulat sa return- postcard (*oufuku hagaki)* ang tirahan, pangalan, telepono, bilang ng mga pupunta (4 na katao ang limit), at isulat ang edad ng lahat na pupunta. (Para sa mga detalye, sumangguni sa website)
●**Deadline ng Aplikasyon:** hanggang Oktubre 20 (Biyernes) ang balidong tatak ng koreo
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Gifu Prefectural Police Office, Public Information Citizen's Division
〒500- 8501 Gifu- shi, Yabuta- minami 2-1-1
☎058-271-2424 (Extension no. 2173 o 2174), (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** 岐阜県警察音楽隊

**Impormasyon** **Pagbukas ng "Pang- 31st Gifu Prefecture Agricultural Festival"**

Pinakamalaking pang- agrikulturang kaganapan sa loob ng prepektura, kung saan nagsama- sama ang mga lokal na pang- agrikulturang industriya sa rehiyon upang magbenta ng kanilang sariwang mga gulay, prutas, mga hayop at processed goods. Inaanyayahan ang lahat na dumalo.

●**Petsa:** Oktubre 28 (Sabado) 10:00~16:00; Oktubre 29 (Linggo) 9:00~ 16:00
●**Lugar:** Sa paligid ng Gifu Prefectural Office (Gifu-shi)
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Agricultural Products Distribution Division
☎058-272-8417 (wikang Hapon lamang); FAX 058- 278- 2682
●**Hanaping salita:** 農フェス

**Impormasyon** **Ang Oktubre ay "Bone Marrow Donor Promotion Month"**

Ang bone marrow o peripheral blood stem cell transplantation ay isang epektibong paggamot sa mga sakit sa dugo tulad ng leukemia. Dito sa Japan, mayroong higit sa 3,000 na mga pasyente ang nag- aantay para sa transplant.

Hinihiling ang inyong kooperasyon sa pagrehistro bilang mga bone marrow donors dahil ang isang donor ay makakabigay ng pag- asa ng transplant para sa madaming pasyente.
●**Lugar kung saan maaaring magrehistro ang Donors:** sa Japanese Red Cross Gifu Blood Center o isa sa mga Public Health Center ng rehiyon (ng Gifu, Seino, Seki, Touno, Hida lamang)
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Medical Health and Treatment Division ☎058-272-8276 (wikang Hapon lamang); Japan Marrow Donor Program ☎03- 5280- 1789 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** 日本骨髄バンク

**Impormasyon Pagbukas ng "Rose Festival ng Tag- sibol"**

Ang tag- sibol ang isa sa pinaka magandang panahon sa taon para sa mga rosas at matutuwa kayo sa mga makulay at mahalimuyak na autumn roses. Sa panahong ito, mayroong iba't ibang mga kaganapan na tatanghalin tulad ng mga rose guide tour, stage events at madami rin mga nagbebenta ng mga gourmet at iba pang masarap na pagkain dito. Inaanyayahan ang lahat na dumalo.

●**Petsa:** Oktubre 7 (Sabado)~ Nobyembre 5 (Linggo)
●**Lugar:** Flower Festival Commemorative Park (Kani-shi)
●**Bayad:** Adulto- ¥1,000; libre para sa mga Senior High students pababa
●**Para sa Katanungan:** Flower Festival Commemorative Park ☎0574-63-7373 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** 花フェスタ記念公園

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Agosto 23, 2017.**
**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**
☎058-272-1111（Dir. Lin.）（wikang Hapon lamang） FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp/